

ANG

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO - LENINISMO - KAISIPANG MAO ZEDONG



Tomo XI Bilang 11

Hunyo 15, 1979

MGA NILALAMAN

59 ARMAS ANG INAGAW SA SUNUD-SUNOD
NA MGA REYD NG BHD SA SAMAR p. 1

GUMAGASTOS ANG MAGASTOS NA REHIMEN,
PERO HINDI SA EDUKASYON NG KABATAAN p. 3

'ARAW NG KASARINLAN':
ALAMAT AT KATOTOHANAN p. 6

ANAKPAWIS NG CEBU, NAGMARTSA
AT NAGDEMO NOONG MAYO 1 p. 8

IKATLONG DAIGDIG, BINARA
NG 2 SUPERPOWER SA UNCTAD p. 9

MAHINIRAP NA BAYAN NG IKATLONG DAIGDIG,
IBIG SILBIN NG SOSYAL-IMPERYALISMO p. 10

**59 ARMAS ANG INAGAW SA SUNUD-SUNOD
NA MGA REYD NG BHB SA SAMAR**

Pinasok ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa Silangang Kabisayaan ang apat na bayan sa isla ng Samar nitong nakaraang Abril at Mayo, nireyd ang mga instalasyon doon ng kaaway, at kinumpiska ang marami na namang baril.

Sa mga reyd na ito at sa iba pang taktikal na opensiba ng BHB at rebolusyonaryong masa ng Samar kamakailan, umani ang hukbong bayan ng 59 baril na kinabibilangan ng 42 riple at 17 kalibre-.38 rebolber at pistola. May kinumpiska rin silang dalawang granada, dalawang radio transceiver o radyong pangkomunikasyon, at iba pang kagamitan ng kaaway.

Wala ni isang pinsala sa mga Pulang mandirigma nang salakayin nila ang mga instalasyon ng kaaway sa mga bayan ng Gamay at Mapanas, Hilagang Samar, noong Abril 11, sa bayan ng Silvino Lobos sa probinsya ring iyon noong Mayo 13, at sa bayan ng Matuginao, Kanlurang Samar, noong petsa ring ito.

Dahil sa masinop nilang pagpapalano at pagtutupad, hindi na kinailangan pang magpapatok ang mga Pulang mandirigma, liban sa Silvino Lobos kung saan lumaban ang pinagsanib na pwersang PC, INP at CHDF. Sa 10-kataong pwersa ng kaaway, pito ang patay, dalawa ang sugatan at sumuko ang isa pa.

Nag-umpisa ang unang reyd--sa Gamay--noong alas 3 ng madaling araw ng Abril 11. Nakauniporme ng kaaway na binulaga ng mga Pulang mandirigma ang mga pulis at kasapi ng lokal na CHDF na natutulog sa munisipyo. Dinis-armahan sila at ganap na kinontrol ang munisipyo sa loob lamang ng singko minutos.

Kasama ang bihag na mga pulis, nilibot ng mga Pulang mandirigma ang bahay ng iba pang mga pulis, ginising sila at dinis-armahan din.

Sa kanilang pakikipag-usap sa mga pulis at kasapi ng CHDF, ipinaliwanag ng mga gerilyang bayan ang layunin ng rebolusyonaryong kilusang pinasusunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas: ang paglaya ng sambayanang Pilipino sa ealiot ng imperyalismong E.U., pendalismo at burukrata kapitalismo.

Tiniyak din sa mga pulis at kasapi ng CHDF na wala silang dapat ikatakot sa BHB bastat hindi nila inaabusong ang mga mamamayan.

Kwarenta minutos pagkaraan ng tahimik na pagpasok nila sa bayan, tahimik ding umalis ang mga Pulang mandirigma. "Mabuhay ang mga kasama!" ang paalam sa kanila ng mga pulis at kasapi ng CHDF.

Mahimbing ang tulog ng bayan habang nagaganap ang reyd.

Reyd sa Mapanas

Alas 5 ng umaga ring iyon nang reydin ang pwersang PC-INP-CHDF sa Mapanas. Halos pareho ring taktika ang ginamit ng mga Pulang mandirigma. Nagpanggap silang tropang kaaway na may "bihag" na mandirigma ng BHB. Nakatutok na ang kanilang mga baril sa mga pwersa ng gobyerno bago matuklasan ng mga ito ang taktika ng mga kasama.

Binabalaan nila ang mga tao ng gobyernong inirereklando ng mga mamamayan at pinayuhan silang nagbagong-buhay.

Pagsikat ng araw, inanyayahan ng mga Pulang mandirigma ang mga mamamayan sa isang pulong at ipinaliwanag din ang layunin ng pambansang demokratikong rebolusyon. Tuwang-tuwa ang mamamayan, lalo ang mga maralita, nang salaman nilang sumusulong ang rebolusyon hindi lamang sa Samar kundi sa buong kapuluan.

Kumanta ang mga Pulang mandirigma ng mga rebolusyonaryong awitin, nanggahot sa pamamagitan ng akupuntura, at nagpanahagi ng mga babasahing rebolusyonaryo, kabilang ang mga kopya ng Larab, pahayagang masa sa Sila-
ngang Kabisayaan.

Nilisan nila ang Mapanas pagkaraan ng tatlong oras at walong minuto. "Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan!" ang pagbubunyi ng mamamayan habang nagmamartsa ang mga gerilyang bayan papalabas.

Sa mga reyd sa Gamay at Mapanas, nakakumpiska ang mga Pulang mandirigma ng siyam na ripleng M-1 Garand, walong M-1 karbin, isang M-2 karbin, isang Thompson submashingan, 10 kalibre-.38 rebolber at pistola, maraming bala, at radyong pangkomunikasyon.

Sabay na gisanap ang mga reyd sa tropa ng kaaway sa Silvino Lobos at Matuginao noong mga alas 3:30 a.m. ng Mayo 13.

Kinailalang gamitin ang baril ng mga Pulang mandirigma at lokal na milisyang kasama nila upang lipulin ang pwersang PC-INP-CHDF sa Silvino Lobos. Sa Matuginao naman, hindi kinailangan saaki isang putok.

Despotikong meyor, binabalaan

Susuko ang despotikong meyor ng Silvino Lobos, si Genaro Yamamoto, nang malipol ang kanyang 10-kataong armadong pangkat.

Matindi ang galit ng mamamayan kay Yamamoto, lalo ang mga magsasaka at maralita sa bayan, dahil sa marami na niyang krimen. Madalas siyang manakot, manggulpi at magbilanggo sa mga magsasaka at iba pang mamamayan, kinukurakot niya ang pondong para sa mga baryo, at naglulunsad siya ng mga kampanyang kontra-rebolusyonaryo.

Tuluyan na sanang paporusahan si Yamamoto ngunit binigyan na lamang siya ng mahigpit na babala nang aminin niya sa madla ang kanyang mga krimen at sangako siyang magbago. Binigyan din ng konsiderasyon ang kanyang pagsuko.

Nang mag-umpisa ang putukan sa Silvino Lobos, naglundagan ang mamamayan sa mga hukay na pilit ipinagawa sa kanila ni Yamamoto. Nagkalat ng palsong propaganda si Yamamoto laban sa BHB, kung kaya natakot ang mamamayan sa sarili nilang hukbo.

Nawala ang kanilang takot sa pulong na tinawag ng mga Pulang mandirigma. Humanga ang mamamayan sa Sulat na disiplinang nakita nila sa BHB.

Sa mga pulong kay sa Silvino Lobos at sa Matuginao, nagtanghal ang mga Pulang mandirigma ng mga rebolusyonaryong tula at awitin at nagpanahagi ng mga babasahin.

Sinikap din nilang salasaluha ang mga mamamayan ng Silvino Lobos sa pitong oras na naroon sila, at sa mga mamamayan ng Matuginao sa 10 oras na itinigil nila roon.

Sa Silvino Lobos, nakakumpiska sila ng limang armalayt, tatlong Garand, dalawang de-sabog, tatlong rebolber, dalawang granada, maraming bala, isang radyong pangkomunikasyon at dalawang makinilya. Sa Matuginao naman, nakakuha sila ng tatlong Garand, tatlong M-1 karbin, tatlong rebolber at maraming bala.

Ipinagugunita ng pinakahuling mga reyd na ito ang taktikal na open-sibang, inilunsad ng BHB sa mga bayan ng Arteche at San Policarpo, Sila-
ngang Samar, noong Hunyo 9, 1977. Sa dalawang operasyong iyon, nakakumpiska ang mga Pulang mandirigma ng 17 baril ng kaaway kabilang ang walong Garand at tatlong karbin.

Nakikita sa matatagumpay na mga operasyong ito ang masinop na pagpapalano at mabilis na pagpapatupad ng mga kadre ng Partido at Pulang mandirigma. Ngunit higit pa, ipinapakita nito ang pagbibigay nila ng matatag na pansin sa solidong gawaing pang-ideolohia, pampolitika at pang-organisasyon sa hanay ng masa ng Samar, lalo sa kanayunan nito.

Sa nakaraang mga reyd, hindi lang isinilang ng masa ang mga kasama sa kanilang mga tahanan at binigyan sila ng suporta sa paniniktik at komunikasyon. Tuwirang lumahok sa operasyon ang kanilang mga lokal na milisya.

Iba pang kumpiskasyon ng armas

Ipinapakita rin ng ilang pangyayari nitong nakaraan ang kapangahasan, inisayatiba at katapatan ng masa sa rebolusyon. Sa baryo San Miguel, Catubig, Hilagang Samar, noong Marso 26, inagaw ng tatlong kabataang magsasaka ang dalawang M-1 Garand at isang kalibre-.38 rebolber habang naki-kipagsayawan sa baryo ang mga kasapi ng CHDF at mga sundalong PC na nangangasiwa sa kanila.

Sa iba pang bahagi ng Hilagang Samar, nang-agaw ang isa pang magsasaka ng isang M-1 Garand mula pa rin sa CHDF.

Ipinasa na sa BHB ang mga armas na ito at ngayong nakadagdag na sa lakas-mandata ng hukbong bayan.

Ang isa pang operasyong nagpasok ng armas sa BHB ay ang reyd sa Arteche National Agricultural College (ANAS) sa baryo Libon, Arteche, noong Marso 29. Kinumpiska ng mga Pulang mandirigma ang dalawang kalibre-.22 na ripleng estilong armalayt, isang ordinaryong .22 riple, isang de-sabog, 64 bala ng de-sabog at 92 balang kalibre-.22.

Ipinananakot ng isang abusadong guro ang mga baril na ito sa mga estudyante at inilalagay sa panganib ang kaligtasan ng mga mamamayan sa baryo.

GUMAGASTOS ANG MAGASTOS NA REHIMEN, PERO HINDI SA EDUKASYON NG KABATAAN

Kulang sa titeer, kulang sa kwarto, walang mga libro at mataas na matrikula ang bumati sa magtingit na mga estudyante, guro at magulang nang magbukas ang mga paaralan sa buong Pilipinas nitong nakaraang Hunyo 13.

Mahigit walong milyong bata ang pumasok sa elementarya, mahigit tatlong milyon ang nasa hayskul at 940,000 estudyante ang nasa unibersidad at kolehiyo.

Tulad ng dati, walang pera ang reaksyonaryong gobyerno para tumustos sa pag-aaral na karapatan ng lahat ng mamamayan.

Walang ipinalabas na pondo para kumuha ng mga karagdagang titeer (4,475 ang kailangan para magturo sa mga bagong-pasok sa Grade 1). Hindi nakapagpagawa ng mga bagong kwarto o nakumpuni man lang ang mga kwartong nasira noong nakaraang mga bugyo (may itinakda ritong P212.5 milyon diumano na walang nakita ni isang kusling).

Ang totoo, may badyet daw na halos P4 bilyon para sa edukasyon ang reaksyonaryong gobyerno sa taong ito. Ngunit ang halos kabuuan ng badyet sa edukasyon, o 90 porsiento, ayon sa pagsusuri ng Banko Mundyal, ay napupunta sa gastos sa pangangasiwa. Pero kung magsalita ang Ministeryo sa Edukasyon at Kultura ng rehimen (MEC), gumagastos daw ang reaksyonaryong gobyerno ng P4,000 taun-taon para sa bawat isang mag-aaral sa mga eskwelahang publiko!

Ang kalakhan ng pondong publiko ay napupunta sa pagpapalakas ng pasistang militar, pampasikat na mga proyektong imprastruktura, pagbayad sa utang sa dayuhan, at mangyari pa'y sa bukas ng pangkating Marcos. Sadyang kulang na kulang ang kwartang aktwal na ginagasta para mabigyan ng edukasyon ang kabataan.

Pagkarana ng tatlo o apat na taon lamang sa primarya, maraming bata ang tumitigil sa pag-aaral dahil sa matinding kahirapan ng pamilya. Ayon sa pambansang sensus noong 1975, 23 porsiento lamang ng mga batang 11 hanggang 15 anyos, o mga nasa edad ng pagtatapos sa elementarya, ang nakatapos sa Grade 6.

"No read, no write" pa rin

Sa mga bata namang nakatapos sa Grade 6, may 43 porsiento lamang, ayon sa mismong rehimen, ang natutong bumasa, sumulat at magkwenta. Ibig sabihin, halos kalahati ng mga bata ay "no read, no write" pa rin (sa salita ng masa) pagkarana ng anim na taong pag-aaral.

Hindi ang sarili, kundi ang masa, ang sinisisi ng rehimen. Hindi raw marunong magturo ang mga guro, kulang sila ng kagamitan sa pagtuturo, at napurot daw talaga ang ulo ng mga batang mahirap.

Panay "Bagong Lipunan" at puri sa mag-asawang Marcos ang isinasaksak sa isip ng mga bata sa eskwela. "Ang Pangulong Marcos ang ama ng ating bansa. Si Ginang Marcos ang ina ng ating bansa." Kabilang ang mga ito sa mga unang pangungusap na matututunang basahin ng mag-aaral.

Ubod ng layo sa katotohanan, at labag sa sariling interes ng mamasayan, ang "kaalamang" ipinalalaganap sa ilalim ng "Bagong Lipunan". Di-kataka-taka, kung ganon, na halos walang pumasok sa isip ng mga bata, at wala namang kagana-ganang magturo ang mga titser.

Nagbukas ang mga eskwelahan nang wala pa ring pinapalabas na pondo para sa ipinangakong dagdag sa sahod sa mahigit 350,000 guro sa elementarya at mga nangangasiwa sa kanila. Ang may 29,000 titser sa publikong bayiskul ay naghihintay ding ibigay ang dagdag na matagal nang ipinangako.

Ang masaklap, kinutusan pa ang mga guro na ayon sa rehimen ay lagi na lamang umaangal sa mababa nilang sahod. Inamin ni Felicita Bernardino, pangalawang ministro sa MEC, na walang pera para taasan ito. Mabuti pa, aniya sa isang grupo ng mga titser, magtanis sila ng gulay o mag-alaga ng baboy at manok kung hindi nila mapagkasya ang kanilang kinikita.

Dagdag pang dagok, natuklasan kamakailan ang pagkawala ng pondong P32 milyon na pinag-aambag-ambagan ng 200,000 miembro ng Philippine Public School Teachers Association (PPSTA) para may naitatabi silang kaunting pera para sa pagreretiro. Hinawakan at winaldas ng mga taong malapit sa pangkating Marcos ang pondong ito, at ngayong nabisto na sila'y tumalilis patungong Estados Unidos. Samantala, inatasan ni Marcos ang kanyang tiyuhing si Juan Manuel, na ministro niya sa edukasyon, na siya mismong uma-sikaso sa pagtatakip sa iskandalo.

Pagtataas sa matrikula

Sa mga mag-aaral sa kolehiyo, 7 porsiento lamang ang nakapapasok sa mga kolehiyo at unibersidad na publiko. Ang 93 porsiento ay napipilitang mag-aral sa mga pribadong paaralan, na palaki nang palaki ang sinisingil sa matrikula at iba pa.

Katunayan, hinayaan na ang mga may-ari ng mga pribadong paaralan na magtaas ng singil kahit wala nang unang parabi sa rehimen. Habang kasalukuyang tinataga ng mga kapitalistang ito ang mga estudyante--10 hanggang 15 porsiento at higit pa ang ipinatong ngayong taong ito--walang ipinang-

hinasok ang rehimen kundi ang ipakritong panawagan ni Manuel na sana'y "magpigil sila sa di-sakatwirang pagtataas ng singil sa matrikula".

Hindi lamang sa matrikula pinipiga ng mga kapitalista sa edukasyon ang mga estudyante at magulang nila. Pinagbabayad sila nang mahal para sa mga uniporme, ID, laboratoryo at iba pang pasilidad na kadalasan'y wala naman, at sari-saring mga singil at "donasyong" di na salaman kung para saan.

Sa kabilang dako, tinitiyak ng sistema ng edukasyon ng rehimen, laluna sa antas ng kolehiyo, ang paghahanda para sa mga empresang imperyalista't komprador sa Pilipinas ng higit na maraming manggagawang sanay ngunit mababa ang sahod.

Kailangang ngayong makapasa sa eksameng NCEE (National College Entrance Examination) ang sinusang nagtapos ng hayskul para siya tanggapin sa kolehiyo. Taun-taon, tinataasan ang gradong dapat makuha para makapasa. Ang layunin nito ay limitahan ang bilang ng estudyanteng nag-aaral sa kolehiyo, nang mas marami ang kumuha ng mga vocational courses at sa gayo'y magkaroon ng maraming mapagpipiliang tauhan ang mga empresang imperyalista at komprador.

(Kaugnay ng NCEE, nabulgar na naman noong Mayo ang katangahan ng National Intelligence and Security Agency o NISA--isang pangunahing ahensya ng rehimen sa kontra-rebolusyonaryong paniniktik--na siyang namahala sa pagkukwenta ng grado ng mga usakaamen. Hanggang pagbubukas ng mga eskwelahan, di-kukulangin sa 92,000 grado ang di pa naibibigay dahil sa mali-maling pagkukwenta ng ipinagmamalaking computer ng NISA. Sa bisa ng ganitong mali-maling pagtatala at pagsunuri ng impormasyon ay walang-katwirang ginigipit, dinadakil at pinahihirapan ng pasistang rehimen ang di-mabilang na mamamayan.)

Kaugapay ng pagiging komersyo, at mga sentrong sanayan para sa pangangailangan sa tauhan ng imperyalismo, ang mga eskwela ay ginawa ring bahagi ng aparato ng pampulitikang panunupil ng diktadurang E.U.-Marcos.

Pag-iilal sa mga karapatan

Ipinagkakait sa mga estudyante at guro ang kanilang karapatang malayang pag-aralan at suriin ang mga paksa ng pakabuluhan, halimbawa'y ang kasalukuyang kalagayan ng lipunang Pilipino. Ipinagbabawal ang malayang pagbubuo ng mga samahan, maging ito'y para sa estudyante, guro o empleado ng paaralan. Hindi maaaring magwelga ang mga guro para ipaglaban ang kanilang mga karapatan. Nagkalat sa mga kampus ang mga espia ng kaaway, at ginagawang responsable ang mga tagapangasiwa ng eskwelahan sa pagsugpo sa aktibismo ng masa.

Kung kakaunti ang nakatatutong sa kolehiyo, lalong kaunting estudyante ang nakatatapos ng kurso. Karanihan, dahil hindi na kayang tuunan ang gastos sa pag-aaral, ay nagtitigil at pumapasok sa kahit anong trabahong makita--bilang pion, o pahinante, o naglalako sa bahay-bahay at bangketa, mga trabahong noo'y di pinapasukan ng mga nakapag-aral.

Ayon pa rin sa pambansang sensus noong 1975 na binanggit sa itaas, 14.5 porsiento lamang ng halos 3 milyong kabataang nasa edad ng pagtatapos ng hayskul (16-18 anyos) ang nakatapos ng sekundarya. At sa may 1.7 milyong kabataang 20-21 anyos, na nasa edad para magtapos sa kolehiyo, 2 porsiento lamang ang may diploma.

Habang nananatili ang pagiging malakolonyal ng sistema ng edukasyon sa Pilipinas, at laluna sa ilalim ng pasistang diktadurang E.U.-Marcos, parami nang paraming kabataan ang nabibigo sa pag-iilal sa magkaroon ng isang mahusay na edukasyon.

Subalit ang sitwasyon ding ito ang maghahanda sa kanila para buong-pusong yakapin ang simulang rebolusyonaryo, at magpasyang iukol dito ang lahat ng kanilang siglo, lakas at talino.

Noong nakaraan, malaki ang naging ambag ng rebolusyonaryong estudyante at kabataan sa pambansang demokratikong kilusan, laluna sa pagasagawa ng propaganda sa hanay ng batayang masa at gayundin sa mga panggitnang pwersa ng rebolusyon.

Sa kasalukuyan, lalong higit ang pangangailangang palahukin ang masang estudyante at kabataan sa digang bayang laging sumusulong sa mas mataas na antas. Kailangang magpalitaw ng sampu-sampung libong aktibista at rebolusyonaryong kadre sa hanay nila para akuin ang mahihigpit na tungkulin kapwa sa sariling sektor at sa lahat ng iba pang larangan ng rebolusyonaryong pagkilos.

Batay sa iba't ibang suliraning kinakaharap nila, dapat maglunsad ng mas marani at mas militanteng mga pakikibakang masa sa hanay ng estudyante at kabataan. Ang mga pakikibakang masang ito ay dapat nilang laging iugnay sa mas malawak na pakikibaka ng ibang inaapang uri at sektor ng lipunan.

Sa kabilang dako, kailangan ding pag-ibayuhin ang pagpapalawak at pagpapatatag sa rebolusyonaryong kilusang lihim sa kanilang hanay, upang ang pagpupunyagi nila ay tuwirang maitaon sa pagsusulong sa sandatahang demokratikong rebolusyon ng bayan.

'ARAW NG KASARINLAN': ALAMAT AT KATOTOHANAN

Magdaos na naman ang pasistang diktadurang E.U.-Marcos ng isang engrangeng palabas sa Luneta nitong nakaraang Hunyo 12 sa tangkang papaniwalain ang bayang Pilipino sa dalawang alamat.

Batay sa isang alamat na ito, may kasarinlan ang Pilipinas. Batay sa isa pa, tumutungo ang bayan sa "pambansang pagkakasundo at pagkakaisa" dahil umano sa pagauko ng ilang kunwa'y lider ng Prente sa Pambansang Pagpapalayang Moro (PNLF).

Ang ipinagdiwang sa Luneta ay ang ika-81 anibersaryo ng kasarinlang iproklama ng liberal na burges na si Emilio Aguinaldo sa Kavit, Cavite, noong Hunyo 12, 1898.

Ang katotohana'y hindi natamo ng Pilipinas ang lubos na kasarinlan noong 1898 at wala ring pambansang kasarinlan ngayon. Hinggil naman sa pambansang pagkakasundo, hindi ito mabubuo habang nariyang nagsasamantala at nang-aapi sa bayan ang pasistang rehimeng E.U.-Marcos at kapakanan, komprador-panginoong maylupa na kinakatawan nito. Kailanma'y walang pagkakasundo sa pagitan ng nagsasamantala at pinagsasamantalahan, sa pagitan ng nang-aapi at inaapi.

Kung gugunitain ang 1898, totoong sa taong iyo'y malapit nang ganap na ibagsak ng rebolusyonaryong kilusan sa pamumuno ng mga burges na ilustrado, o intelektwal, ang kolonyalismong Espanyol na mahigit 300 taong nanupil sa bayan.

Ngunit narito na rin noon ang imperyalismong E.U. na naghahandang ipataw ang sariling paghahari, sa pamamagitan ng kontra-rebolusyonaryong dalawahang taktika ng panlilinlang at dahas.

Malinlang si Aguinaldo sa doblekarang pakikitungo sa kanya ng mga imperyalista. Mang iproklama ang kasarinlan sa Kavit, nanawagan siya sa "proteksyon ng Makapangyarihan at Makataong Bansa ng Hilagang Amerika". Sa maikling salita, itinuring niya ang imperyalismo bilang "tagapagtanggol" ng kasarinlang Pilipino.

Gerang pananalakay ng E.U.

Di-nagtagal, itinabi ng imperyalismong E.U. ang pagkukunwang siya'y kaibigan at gera sa ang inilunsad. Sa digmaang Pilipino-Amerikano, magiting na nakibaka ang mga mamamayang Pilipino para sa pambansang pagpapalaya. Ngunit nangibabaw ang mga mananalakay, dahil na rin sa pag-uurong-sulong at pagiging 'palasuko' taksil ng marami sa mga liberal burges na mamuno sa rebolusyon. Ganon nagtapos ang lumang-tipong pambansang demokratikong rebolusyon.

Tuwirang pinagharian ng imperyalismong E.U. ang Pilipinas hanggang sa sumalakay ang mga pwersang imperyalistang Hapones at sinakop ang bayan mula 1941 hanggang 1945, nang bumalik at nanakop muli ang imperyalistang E.U.

"Ipinagkaloob" ng imperyalismong E.U. ang "kasarinlan" noong Hulyo 4, 1946, ngunit tiniyak na mananatili ang Pilipinas bilang nekolonya nito. Sinagawa ito sa pamamagitan ng mga tratadong militar at pang-ekonomia na sinang-ayunan ng sunud-sunod na papet na pangulo, mula kay Roxas hanggang kay Marcos.

Imperyalismo ang may pangunahing pananagutan sa pagpatay ng pasistang batas militar noong Setyembre 21, 1972. At imperyalismo ang sumusustento sa pasistang rehimen hanggang ngayon.

Ang saklaw ng kontrol ng mga imperyalista sa pasistang papet sa rehimen Marcos ay ang pagbubukas nito ng buong Pilipinas sa imperyalistang pandarabong. Halimbawa nito ang walang-katapusang pagtataas sa presyo ng gasolina na inivato ng imperyalistang kartel sa langis.

Kahangalan ang magsalita tungkol sa ganap na kasarinlan--noong 1898 maging ngayong 1979. Magiging tunay na walaya lamang ang Pilipinas sa isang paraan: ang pagdurug ng bagong-tipong pambansang demokratikong rebolusyong sumusulong sa buong bayan sa imperyalismong E.U. at mga kasabwat nitong lokal na komprador-pangimong maylupa. Ang proletaryado ang mamuno sa rebolusyong ito, hindi ang burgesya.

Hinggil naman sa isa pang alamat--"pambansang pagkakasundo at pagkakaisa"--magkakatatoo ito kapag naibagsak na ang mga nagsasamantala at nang-aspi at matibay nang naitatag ang demokratikong estado ng bayan.

Ipinagradang mga "rebelde"

Tampok sa palabas ni Marcos sa Luneta noong "araw ng kasarinlan" ang partisipasyon ng mga "rebeldeng" nagmartsa sa parada.

Ang isang grupo ng "rebelde" ay pinamunuan ni Luis Taruc, ang traydor at eskiról na nakapuslit sa lumang partidong pinagsanib, at ang isa pang grupo ay tinagurian ng answer na "500 namumunong komander ng MNLF".

Ang katotohana'y matagal na matagal nang itinakwil ng bayan si Taruc, tulad ng mga maka-Lavang dati niyang kasabwat, dahil sa kanyang oportunismo at pagsuko sa kaaway. Si Taruc ay kagawad ngayon ng "Batasang Pambansa" ni Marcos at isa sa mga bayarang tagapuri ng pasistang rehimen.

Hinggil naman sa "mga namumunong komander ng MNLF" na tinipon at pinagbitbit ng baril na walang bala, sila'y mga latak ng rebolusyonaryong kilusan ng mga mamamayang Moro. Matagal nang ausuko sa rehimen ang mga ito.

Ang mga taksil na ito sa mamamayang Moro ay idinidisplay ng rehimen pana-panahon sa bigong tangkang papaniwalain ang bayan na magapi na ang armadong pakikibaka ng mga Moro para sa kanilang karapatang magpaaya sa sarili.

Nadula ang mismong papet na pasistang si Marcos nang sabihin niya sa kanyang talumpati na ang mga palasukong Moro ay naglilingkod na sa mersenaryong Sandatahang Lakas ng Pilipinas (AFP) o kaya'y nahirang nang mayor sa kanilang bayan. Ito ang gantimpala nila para sa kanilang pagtatraylor.

Ang mga taksil na ito, na matagal nang pinataleik ng MNLF, ay pinamumunuan nina Abdul Khayr Alonto, Hussein Loong at Abdul Hamid Lukman, na pawang balos magkandarapa sa kapupuri sa pasistang rehimen sa pakulo sa Luneta noong Hunyo 12.

Huwad na autonomia

Sina Alonto at Loong ay mga kagawad ng "sangguniang pampook" ni Marcos sa Rehiyon 9 (kanlurang Mindanaw) at Rehiyon 12 (gitnang Mindanaw). Si Lukman samán ay pangalawang komisyonado ng Rehiyon 9. Katawa-tawa ang itsura nilang nagpapanggap na mga "rebelde".

Para sa mga bihag na pabatirang pangmadla, peakap-akap at pakamay-kamay pa si Marcos sa mga taksil habang "tinatanggap" ang mga armas na usano'y isinuko nila ngunit sa katotohana'y pinahawakan lang sa kanila ng AFP.

May isa pang palabas pagkatapos nito. Pinasumpa niya ang mga kagawad ng dalawa niyang "sangguniang pampook" at iprinoklana kunwari ang "autonomia" sa kanluran at gitnang Mindanaw.

Walang nalinlang ang pasistang papet. Sa pamumuno ng MNLF, nagpupunyagi ang masang Moro sa armadong pakikibaka para sa kanilang karapatang magpasya sa sarili at para sa iba pa nilang mga demokratikong karapatan.

Tatlong araw nga bago ang "araw ng kasarinlan", naglunsad ang MNLF ng taktikal na opensida sa Buldon, Maguindanao, at pinatay si Tomatic Aratuk, kagawad din ng "sangguniang pampook" ni Marcos. Nagbigay ang samamayang Moro ng halimbawa ng rebolusyonaryong hustisyang nakalaan sa mga nagtataksil sa kanila.

Hindi mangyayaring magkaroon ng "pagkakasundo at pagkakaiba" ang masang Moro at ang pasistang diktadurang E.U.-Marcos. Ni sa pagitan ng iba pang samamayang Pilipino at pasistang rehimen.

Ang kontradiksyon sa pagitan nila--ang samayanang Pilipino kabilang ang kapatid na mga Moro sa isang panig at ang pangkating E.U.-Marcos at kinakatawan nitong mga uring komprador at panginoong maylupa sa kabilang panig--ay sarereselba ng demokratikong rebolusyon ng bayang lunsagablab sa buong kapuluan.

ANAKPAWIS NG CEBU, NAGMARTSA AT NAGDEMO NOONG MAYO 1

Ipinagdiwang ng mga manggagawa at ibang masang anakpawis ang Araw ng Paggawa sa isang mapangahas na martsa-demonstrasyon sa lunsod ng Cebu noong Mayo 1.

Mahigit 2,500 samamayan ang militanteng nagpahayag ng kanilang pagtutol sa papalubhang kalagayan sa ilalim ng batas militar. Dala-dala ang mga plakard, nagtungo sila sa Plaza Independencia matapos nagmartsa sa mga kalsada ng pangalawang pinakamalaking kalunsuran sa Pilipinas.

"Malaking tugupay ang pangyayaring ito," anang pahayagang masang Larab, "dahil kahit mahigpit na ipinagbabawal ng rehimen E.U.-Marcos ang demonstrasyon, matapang na nagtipon at nagprotesta ang maraming maralita at pinagsasamantalang uri."

Naghayag ng galit sa patuloy na pagmahal ng mga bilihin ang mga nag-salitang kinatawan ng manggagawa, magsasaka, maralita ng lunsod, estudyante at progresibong taong-simbahan. Nilinaw nila na ang ugat ng paghihirap ng samamayan ay ang dominasyon ng mga imperyalista sa pambansang ekonomia.

tulad ng ipinakita ng pinakahuling pagtataas ng presyo ng langis at gasolina, mga produkto na ang pagrerespins at pagnenegosyo sa buong mundo ay monopolyo ng imperyalistang kartel.

Iginilit ng masa na dapat itaas ang minimong sahod ng manggagawa, ibalik ang karapatang magwelga at itigil ang demolisyon sa mga maralitang komunidad ng ciudad.

Nagtanghal ng drama ang grupo ng kabataan na naglalarawan sa kalagayan ng mga manggagawa, maralita ng lunsod at sidewalk vendor (naglalako sa bangketa). Kumanta naman ng mga rebolusyonaryong awit ang delegasyon ng mga magsasaka.

Noong araw ding iyon, tulad ng sa iba't ibang kalunsuran at kabayanan sa kapuluan (Ang Bayan, Mayo 15, 1979), naglitawan sa mga pader at bakod ng Cebu ang mga rebolusyonaryong panawagang ipinintura roon ng masamayan.

Samantala, mahigit 500 manggagawa ng Zamboanga Wood Products ang naglunsad ng welga simula noong Mayo 25 laban sa patuloy na pagtangga ng kompanya na ibigay ang hinihingi nilang dagdag na sahod at iba pang karapatan.

Ang kompanya, kilala ring Zambo Wood, ay gumagawa ng playwud, veneer at tabla. Kontrolado ng imperyalistang korporasyong Boise Cascade, ang Zambo Wood ang pinakamalaking pribadong kompanya sa ciudad ng Zamboanga. Mayroon itong 750 empleado sa pabrika sa Lumbayao at 650 iba pa sa 56,000-ektaryang trosohan sa Zamboanga del Sur.

Apat na buwan nang binabarat ng kompanya ang unyon sa negosasyon ukol sa bagong kasunduan sa trabaho o CBA. Sa loob ng sakaraang tatlong taon, nakaneto ang Zambo Wood ng P75 milyon mula sa kabuuang benta ng P400 milyon. Ang hinihingi ng unyon ay mangangahulugan ng P1 milyon lamang para sa kompanya sa loob ng isang taon.

Ayaw ding ibigay ng kompanya ang hinihingi ng unyon na 50 porsientong diskwento sa materyales sa pagpapagawa ng bahay, na huhulugan ng mga empleadong karaniha'y nakatira sa inuupahang barung-barong.

IKATLONG DAIGDIG, BINARA NG 2 SUPERPOWER SA UNCTAD

Tulad ng inaasahan, bigong nagvakas ang ikalimang sesyon ng Komperensya sa Kalakalan at Pagpapaunlad ng Mga Bansaang Nagkakaisa (UNCTAD V). Matapos ang 28 araw ng magagarbong pulong at waluluhong piging, ng pagtatawaran, pagtatalo at pagpapakana, walang ibinungang konkrete o makabuluhan ang UNCTAD V para sa interes ng Ikatlong Daigdig.

Mula umpisa hanggang katapusan, ang komperensya ay sinabotahe ng dalawang superpower, ang Estados Unidos at Unyon Sobyet. Puno ng arogansya, binalewala nilang lahat ang hinihingi ng Ikatlong Daigdig at ginawa nila ang lahat para guluhin ang mga isyu, abalahin ang mga pagpupulong at hatiin at pag-away-awayin ang mga miembrong dumalo sa komperensya.

Habang sa salita'y tinatangkilik ng dalawang superpower ang resolusyon ng UN na pananawagan para sa isang "bagong kaayusan sa pandaigdigang kabuhayan", sinasalungat naman nila ang bawat hakbang na naglalayong tumunge sa pagpapatupad dito. Tinanggihan nila pati ang limitadong panukala na magtayo ng isang ahensyang susubaybay sa mga patakaras ng mga gobyerno kaugnay ng mga pagbabago sa istruktura ng pandaigdigang kabuhayan.

Nang magtatapos na ang sesyon, nagpakana pa ang mga imperyalistang E.U. sa hatiin ang hanay ng Ikatlong Daigdig, sa pagpipilit na ilagay ang isyu ng langis sa adyenda ng komperensya. Para itago ang kanilang respon-

sebilidad sa paglala ng pandaigdigang krisis pang-ekonomia, sinisi nila ang Organisasyon ng mga Bayang Nagluluwas ng Langis (OPEC) sa pagtaas ng presyo at pagbagsak ng produksyon sa daigdig ngayon.

Sa kabilang panig, walang ginawa ang mga sosyal-imperyalistang Sobyet kundi batikusan ang mga bayan ng Ikatlong Daigdig sa pagtanggihan nilang angkan sa bloke ng Sobyet. Ipinagmamagaling nila ang kanilang rebisyonistang klase ng "sosyalismo" bilang solusyon sa maraming suliranin ng Ikatlong Daigdig.

Sinikap din ng mga ehemonistang ito na guluhin ang mga bayan ng Ikatlong Daigdig sa panamagitan ng pagpigil sa mga delegado ng Demokratikong Kampuchea na dumalo sa komperensya. Subalit nabigo sila nang matatag na nanindigan ang lubos na nakararaming bayan para sa karapatang lumahok ng Kampuchea.

Pakikipagkasundo sa imperyalismo

Kahit na ang dalawang superpower ang pangunahing responsable sa pagkabigo ng komperensya, may kinalaman din dito ang mahina at urong-sulong na posisyon ng nakararami sa mga naghaharing rehimen sa Ikatlong Daigdig.

Ang mga pamahalaang komprador-asenderong ito ay nakatali sa iba't ibang paraan sa imperyalismo at sosyal-imperyalismo. Palagi silang nakikipagkompromiso sa imperyalismo at isinusuko nila rito ang inisiyatiba sa pagbabago ng istruktura ng kaayusang pangkabuhayan ng daigdig.

Ang programang binalangkas sa Arusha, Tanzania, na nananawagan para sa kolektibong pag-asa sa sarili at para sa dagdag na partisipasyon sa kalakalan at pagpapaunlad sa daigdig ay sumasalamang kahit sa limitadong saklaw lamang sa makatarungang hinihingi ng mga mamamayan ng Ikatlong Daigdig. Subalit nagkulang ito sa pagharap ng saligang solusyon sa mga suliranin ng mga bayan ito--ang ganap na pagbabagsak sa imperyalismo.

Itinaguyod ng Republikang Bayan ng Tsina ang simulaing anti-imperyalista nang magpanukala ito sa komperensya ng resolusiyong nagdedeklara na isang esensyal na salik ng bagong pandaigdigang kaayusang pangkabuhayan ang pag-aalis sa lahat ng dayuhang tropa at dayuhang base sa mga bayan sa buong daigdig.

Samantala, gumastos ang mamamayang Pilipino ng di-kukulangin sa P80 milyon para sa buong komperensya--isang panibagong pabigat sa kanilang kalagayang puno ng pagsasamantala at kahirapan sa ilalim ng pasistang diktadurang E.U.-Marcos. Isang nagastos na pabigat--ganito ang pagtingin ng masang Pilipino sa katatapos na sesyon ng UNCTAD.

. . .

MAHINIRAP NA BAYAN NG IKATLONG DAIGDIG, IBIG SILUIN NG SOSYAL-IMPERYALISMO

Sa katatapos na sesyon ng Komperensya sa Kalakalan at Pagpapaunlad ng Mga Nagkakaisang Bansa (UNCTAD), sinisi ng mga sosyal-imperyalistang Sobyet ang mga bayan ng Ikatlong Daigdig sa hindi nila pagsapi sa bloke ng Sobyet at hindi nila pagsunod sa itinatagubilin nilang "independyente" at "di-kapitalistang landas ng pagpapaunlad".

Sa kasamaang palad ng mga bagong tsar, paunti na nang paunti ang mga bayan at mamamayang handang makinig sa kanila. Sa mga taong nagdaan, inilantad ng konkretong karanasan ang tunay na kahulugan ng "independyente" at "di-kapitalistang" landas bilang pagpapaunlad sa sosyal-imperyalismong Sobyet, sa pandarambong at pananalakay nito.

Patuloy na dumarami ang mga halimbawa ng pandarambong ng Unyon Sobyet, bagay na nagpapabuluan sa kumwa'y pagtangkilik nito sa proletaryong inter-

nasyonalismo at naglalantad sa kagustuhan nitong pagsamantalahan ang mga mamamayan ng daigdig at makipagtunggali sa imperyalismong E.U. sa paghahari sa mundo.

Mula sa mga halimbawang ito, waring may nasusunod na plano: inaakit muna ng mga bagong tsar ang mga bayan na tanggapin ang kanilang "tulong" pangkabuhayan, at saka nila agawin ang pang-ekonomia, at susunod dito'y pampulitikang kapangyarihan sa mga bayan ito.

Isang halimbawa ang India. Matagal na nagbigay dito ang Unyon Sobyet ng "tulong" pangkabuhayan. Ibinandera ng Unyon Sobyet na paraan ito para maindustrialisa ang India sa pamamagitan ng pagtatayo ng "sektor publiko", sa ayon sa pagtingin ng mga sosyal-imperyalista ay "binhi ng sosyalismo" na mapayapang papalit sa kapitalismo sa India.

Sa unang malas ay kaakit-akit mag-alok ang Unyon Sobyet. Mukhang madaling bayaran at parang pagmamagandang-loob pa nga ang mga pantang nito. Ang interes ay 2.5 porsiento, higit na mababa kaysa minimum na 6.5 porsiento at karaniwang 13 porsiento na sinisingil ng mga bankong imperyalistang Kanluranin. Dagdag dito, maaaring bayaran ang utang sa lokal na salapi, sa rupi ng India, at tulad ng nabanggit na, pwedeng gamitin ito para sa pagpapaulad ng mga empresang pang-estado. (Ang mga pantang ng Estados Unidos kadalasa'y para sa pribadong pamumuhunan lamang.)

"Tulong" at panindang Sobyet

Datapwat itinatago ng matatamis na salita ng mga sosyal-imperyalistang Sobyet ang katotohanan na nakatali ang mga pantang na ito sa pagbili ng mga panindang Sobyet, na karamiha'y yaring produkto. Obligado ang India na gastusin ang lahat ng perang natatanggap nito mula sa gobyernong Sobyet sa pagbili ng mga panindang Sobyet. Bukod dito, ang presyo ng paninda ay itinatakdan ayon sa kasunduan sa kalakalan ng dalawang bayan at hindi sa umiiral na presyo sa pandaigdigang pamilihan.

Kadalasa'y mas mataas nang 20 hanggang 30 porsiento ang presyo ng mga panindang galing sa Unyon Sobyet kaysa sa presyo sa pandaigdigang pamilihan. Sa ilang kaso, tulad ng piesta ng traktor, mas mahal nang tatlong beses ang mga panindang binibili ng India kaysa presyo sa Silangang Europa. Doble ang presyo ng nikel na ibinebenta sa India kaysa sa pamilihanang Europeo.

Sa kabilang panig, dapat bayaran ng India ang mga utang nito sa pamamagitan ng pagluluwas ng maraming paninda sa Unyon Sobyet, na karamiha'y mga hilaw na sangkap, sa presyong ipinako ng mga kasunduan sa kalakalan. Karaniwa'y mababa nang 20 hanggang 30 porsiento ang presyo ng mga ito kaysa presyo sa pandaigdigang pamilihan.

Ang naging bunga nito'y di-pantay na kalakalan, na sa emensya'y di-kaiba sa salakolonyal na kalakalan sa pagitan ng imperyalismong E.U. at mga bayang nasasakupan nito. Matapos ang maraming taon ng pagtataguyod ng Unyon Sobyet sa India ng "independyente" at "di-kapitalistang" landas, nananatili pa rin itong tagaluwas lamang ng mga hilaw na sangkap at taga-angkat ng mga yaring produkto. Dagdag dito, naging biktima pa ang India ng di-makatarungang pagpepresyo ng Unyon Sobyet, sa pamamagitan ng mga kasunduan sa kalakalan.

Tuwirang pamumuhunan

Karamihan sa mga empresang pang-estado na itinayo ng mga sosyal-imperyalistang Sobyet sa pakikipagtulungan ng mga burukrataang komprador kapitalistang Indio ay hindi nakatuon sa industrialisasyong umasa sa sarili at sa pagtupad sa mga pangangailangan ng masang Indio.

Ang mga empresang ito, na kung tawagi'y "labor-intensive" o nanga-ngailangan ng maramihang paggawa, ay nagpoproseso ng mga hilaw na sangkap mula sa Unyon Sobyet. Pagkatapos nito'y ibinabalik nila ang yaring produkto sa Unyon Sobyet. Sa madaling salita, ang mga industriang ito ay

nagsisilbi lamang sa mga pangangailangang Sobyet. Mahigpit ang hawak sa mga ito ng gobyernong Sobyet na nagbibigay sa kanila ng teknolohia, mga inhinyero at maging mga manidyer. Pangunahing halimbawa nito ang industriya ng tela at piesang elektroniko.

Tulad ng mga industriang "labor-intensive" na pinupuri hanggang langit ng mga ahente ng Banko Mundyal at iba pang shensya ng imperyalismong E.U., ang bersyong Sobyet ay nagsasamantala sa lokal na murang paggawa, habang tinitiyak ang monopolyo sa lokal na mapagkukunan ng mga hilaw na sangkap at pinasanatili ang bayan sa saklaw ng impluwensya ng Unyon Sobyet.

Hindi lamang sa mga empresang pang-estado matatagpuan ang tuwirang pamumuhunang Sobyet. Parasi nang parasi ang mga pribadong sosyohan ng Unyon Sobyet at komprador burges na Indio. Mga pribadong kapitalistang empresa ito, at tulad ng mga empresa ng E.U. ay humuhuthot ng sobrang-halaga mula sa uring manggagawang Indio.

Ang mga puhunang Sobyet sa pribadong industriang Indio ang pinakamabisang patunay na hindi patungo ang India sa di-kapitalistang landas ng pagpapaulad, at ang tunay na layunin ng sosyal-imperyalismong Sobyet ay ang pakikipagtunggali sa imperyalismong E.U. sa pagsasamantala at pang-aspi sa mga manggagawa at ibang anakpawis na Indio.

Gayundin, ang pangako ng Unyon Sobyet na tutulungan nitong umasa ang India sa sarili ay naging kabaligtaran sa tunay na pangyayari. Sa kasalukuyan, lubog na lubog ang India sa utang, at walang pag-asang makabayad.

"Pandaigdigang paghahati sa paggawa"

Ang karanasang ito ng India ay naulit sa ibang mga bayan tulad ng Ehipto, Iraq at Cuba.

Bago masipa ang mga sosyal-imperyalistang Sobyet sa Ehipto noong unang mga taong 1970, mabilis itong nagiging malakolonyang Sobyet. Kapalit ng "tulong" ng mga Sobyet sa pagtatayo ng Aswan Dam at pagpapadala ng pagkaing butil, isinuko ng Ehipto ang kanyang produksyon ng bulak--ang pinakamalaking panindang panluwas nito--sa monopolistang kontrol ng Unyon Sobyet.

Ang kabuhayan ng Iraq, isa pang bayan sa Gitnang Silangan, ay tangan din sa leeg ng Unyon Sobyet. Para makabayad ang Iraq sa kanyang mga utang, pwersado itong magbili sa Unyon Sobyet ng halos lahat ng kanyang langis sa presyong higit na mababa kaysa sa pandaigdigang presyo.

Hanggang ngayon, ang ekonomia ng Cuba ay nakasalalay sa asukal at patuloy itong umasa sa Unyon Sobyet para sa mga yaring paninda, at maging mga pagkain. Ito'y sa kabila ng pagsasabi ng Cuba na isa siyang "sosyal-listang" bayan.

Mula sa mga halimbawang ito, masasabing kasangkapan para sa pagsasamantala sa mga bayan at mamamayan ng Ikatlong Daigdig ang "tulong" ng mga Sobyet. Isa itong porma ng pagluluwas ng kapital para makapanghuthot ang mga sosyal-imperyalista ng tubo mula sa masang anakpawis sa buong daigdig.

Ibig palitawin sa teorya ng mga bagong tear na ang malakolonyal na kaayusang itinatayo nila sa iba't ibang bayan ay bahagi ng "pandaigdigang paghahati sa paggawa". Ang ibig sabihin'y may mga bayang ang tanging papel ay magtanim ng bulak o magmina ng langis, at mayroon namang tulad ng mga sulong at industrialisadong bayan na dapat magbigay-diin sa mabigat sa industriya.

Ano ito kundi isa pang bersyon ng lumang imperyalistang teorya ng "comparative advantage" o magkahambing na bentap, na nagsasabing higit na makikinabang ang mabihirap at atrasadong bayan kung magkokonsentra sila sa isa o dalawang pananim bilang kapalit ng iba pang produkto mula sa mga kapitalistang bayan?

O dili kaya'y ano ang ipinagkaiba ng teoryang Sobyet sa paghambog noon ng mga imperyalistang Britaniko na "ang Britanya ang pagawaan ng daigdig"?

Dapat bantayan at labanan ng mga bayan at mamamayan ng Ikatlong Daigdig ang sosyal-imperyalismong Sobyet, tulad ng paglaban nila sa imperyalismong E.U. Ang pagtanggap ng "tulong" ng mga Sobyet at pagsunod sa mga payo nila ay magbubunga lamang ng lalong pagkawala ng kasarinlan at mas malalim na pagkalubog sa kumunoy ng imperyalistang pagsasamantala.

* * *